Ang Pag-unlad ng Iyong Anak

Mga pamantayan sa pagkatuto para sa taong panuruan 2016–17

Ang Washington ay may K-12 na mga pamantayan sa pagkatuto na naglalarawan ng kaalaman at mga kasanayan na kinakailangan ng bawat mag-aaral upang maging handa para sa karera, kolehiyo at pamumuhay kapag nakapagtapos na sila sa mataas na paaralan.

Nasa ibaba ang mga maikling halimbawa ng mga pangunahing layunin sa pagkatuto ng Washington para sa ika-7 baitang.
Para sa mas kumpletong impormasyon, bisitahin ang:

www.YourChildsProgress.com

- **Ang Mga Sining.** Paglikha ng mga sayaw gamit ang mga koreograpikong estilo; pagpili ng musika batay sa abilidad; pagkumpara ng mga genre at mga istilo ng dula;
pagkilala ng sining.
- **Teknolohiyang Pang-edukasyon.** Paglikha ng virtual tour ng Washington upang ipakita ang mga paggalaw ng demograpiko sa loob ng nakalipas na 100 taon.
- **English Language Arts (ELA).** Pagtukoy sa pangunahing ideya sa isang teksto, paggawa ng malinaw at nauunawaang akda sa iba't ibang istilo, pagbabahagi ng mga pagtatanghal ng pananaliksik.
- **Edukasyong Pangkalusugan at Pisikal na Edukasyon.** Pagpapahusay sa pagsasagawa ng mga binagong laro, aktibidad na may ritmo at aktibidad para sa paglilibang, pagpapaunlad sa mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip upang makaiwas sa mga sitwasyong mapanganib.
- **Matematika.** Pag-aaral tungkol sa mga proporsyonal na ugnayan at paglutas ng mga pagsasanay na may ilang hakbang kung saan may mga positibo at negatibong numero, fraction at decimal.
- **Agham.** Pag-aaral tungkol sa inhinyeriya, pagbuo ng mga modelo at pagsusuri sa mga feedback sa mga sistema.
- **Araling Panlipunan.** Pag-aaral sa kasaysayan ng mundo at ng estado ng Washington na may kasamang mga konsepto at ideya sa sibika, ekonomiya at heograpiya.

Ang Washington ay mayroon ding mga pamantayan sa pagkatuto sa **Integrated na Kapaligiran at Sustainability, Mga Wika ng Mundo, Karera at Teknikal na Edukasyon** (mga framework at pamantayan ng industriya para sa panggitna at mataas na paaralan), **Kahusayan sa Wikang Ingles (English Language Proficiency)** (sa ELA, matematika at agham), pati na rin ang mga alituntunin para sa **Maagang Pag-aaral** (pagkapanganak–ika-3 baitang) na naaayon sa panlahat na uri ng edukasyon para sa lahat ng mag-aaral.

Espesyal na edukasyon: Ang mga mag-aaral na nakakatanggap ng mga serbisyo ay mayroong mga pasilidad, pagbabago, at mga suporta na tinukoy sa kanilang mga indibidwal na planong pang-edukasyon.

Mga nag-aaral ng wikang Ingles: Ang mga mag-aaral na nag-aaral na magsalita ng wikang Ingles ay may mga pamantayan sa kahusayan sa wikang Ingles na makakatulong sa mga guro na maplano ang pagtuturo sa lahat ng asignatura na naaangkop sa antas ng pag-unlad sa wika ng bawat mag-aaral.

BAITANG 7

Mga Layunin sa Pag-aaral sa Estado ng Washington

Nagtatag ang Lehislatura ng Estado ng Washington ng apat na layunin sa pag-aaral upang maibigay ang pamantayan para sa pag-unlad ng lahat ng pamantayan sa akademikong pag-aaral sa estado:

1. Pagbasa nang may pag-unawa, mahusay na pagsusulat, at matagumpay na pakikipag-ugnayan sa iba't ibang paraan at sitwasyon nang may iba't ibang audience;
2. Pag-alam at paglalapat ng mga pangunahing konsepto at prinsipyo sa matematika; agham panlipunan, pisikal na agham, at agham sa buhay; sibika at kasaysayan, kabilang ang iba't ibang kultura at pakikibahagi sa kinatawang pamahalaan; heograpiya; sining; at kalusugan at fitness;
3. Pag-iisip sa mapanuri, lohikal at malikhaing paraan, at upang magamit ang kaalaman at kahusayan sa teknolohiya pati na rin ang iba't ibang karanasan at kaalaman upang makabuo ng makatuwirang pasya at makapagresolba ng mga problema; at
4. Pag-unawa sa kahalagahan ng trabaho at pananalapi at kung paano direktang naaapektuhan ng pagganap, pagsisikap at pagpapasya ang karera sa hinaharap at mga oportunidad sa edukasyon.

Office of Superintendent
of Public Instruction
(Opisina ng Superintendente ng
Publikong Pagtuturo)
www.k12.wa.us

September 2016, Publication No. 16-0038

Pang-estadong Pagsusulit sa Washington

Nag-aatas ang Pederal na batas ng taunang pagsusulit sa mga mag-aaral sa mga baitang 3–8 at isang beses sa mataas na paaralan sa English language arts (ELA) at matematika, at sa mga baitang 5 at 8 at isang beses sa mataas na paaralan sa agham. Iniaatas din ng estado ng Washington na makapasa ang mga mag-aaral sa mga partikular na pagsusulit upang maging karapat-dapat na makapagtapos sa mataas na paaralan.

Ang karamihan ng mga mag-aaral sa baitang 3–8 ay kukuha ng mga pagsusulit sa **Smarter Balanced** sa ELA at matematika, at ang Mga Sukatan ng Pag-unlad ng Mag-aaral (**Measurements of Student Progress o MSP**) sa agham. Maaaring kunin ang mga pagsusulit na ito mayroon man o walang mga tool, suporta, o pasilidad.

Ang mga mag-aaral na may mga kapansin-pansing problema sa pagkatuto na naisadokumento sa kanilang Individualized Education Program (IEP) ay kukuha ng mga alternatibong pagtatasa sa ELA, matematika, at agham, na tinatawag na Washington – Access to Instruction and Measurement (**WA-AIM**).

Ang pang-estadong pagsusulit ay *hindi kailanman* dapat maging tanging batayan ng mga akademikong kahusayan at kaalaman ng isang mag-aaral. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagkatuto ng iyong anak, mangyaring makipag-ugnayan sa guro o paaralan ng iyong anak.

Ang mga mag-aaral na nag-aaral na magsalita ng Ingles sa baitang K–12 ay kukuha ng Pagtatasa sa Kahusayan sa Wikang Ingles para sa 21st Century (**ELPA21**). Sinusukat ng pagtatasa na ito ang mga kasanayan sa wikang Ingles at taunang pag-unlad sa pagbabasa, pagsusulat, pakikinig at pagsasalita. Ang mga mag-aaral na makakatanggap ng antas ng kasanayan na Emerging o Progressing sa ELPA21 ay magiging karapat-dapat na makatanggap ng mga serbisyo ng suporta sa programa sa wikang Ingles.

FAQ sa Pang-estadong Pagsusulit

Bakit kailangang kumuha ang anak ko ng mga pang-estadong pagsusulit na ito?

Iniaatas ng mga batas ng estado at pederal na pamahalaan ang pang-estadong pagsusulit. Hindi lang ito ang paraan upang malaman ang husay ng mag-aaral sa paaralan, ngunit maaaring makatulong ito sa pagtukoy ng mga isyu sa pag-aaral sa lalong madaling panahon.

Sa mataas na paaralan, kapag pumasa sa mga pang-estadong pagsusulit o sa mga naaprubahang alternatibo, ipinapakita na ang mga mag-aaral ay may matatag na pundasyon ng mga akademikong kasanayan, saan man sila nakatapos ng pag-aaral o anuman ang pipiliin nilang gawin pagkatapos ng pag-aaral.

Maaari ko bang tingnan ang pagsusulit ng aking anak?

Para sa mga dahilang panseguridad, hindi maaaring sabihin ng mga mag-aaral sa kanilang mga kaibigan at kapamilya ang tungkol sa nilalaman ng mga pang-estadong pagsusulit. Gayunpaman, pinapayagan ang mga kapamilya na suriin ang mga pagsusulit ng kanilang anak pagkatapos markahan ang mga ito.

Mga pagsusulit ayon sa Baitang, 2016–17

	K	Ika-1	Ika-2	Ika-3	Ika-4	Ika-5	Ika-6	Ika-7	Ika-8
ELA				✓	✓	✓	✓	✓	✓
Matematika				✓	✓	✓	✓	✓	✓
Agham						✓			✓

Mga Tala:

- Kinakailangan ang English Language Proficiency Assessment para sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Ingles. Ang mga mag-aaral ay kukuha ng pagsusulit upang maging kwalipikadong tumanggap ng suporta. Magpapatuloy silang kunin ang pagsusulit, taun-taun, hanggang sa maabot nila ang kahusayan sa wikang Ingles.
- Iniaatas ang iba pang mga pagsusulit, ngunit may flexibility ang mga distrito sa pagpili ng mga pagsusulit at sa pagpapasya kung kailan kukunin ng mga mag-aaral ang mga ito. Kabilang sa mga pagsusulit ang pagbabasa para sa ikalawang baitang at mga pagsusulit na kukunin sa silid-aralan tungkol sa araling panlipunan, sining, edukasyong pangkalusugan at pisikal na edukasyon at iba pang mga asignatura. Makikita ang higit pang impormasyon sa mga link ng Asignatura sa http://www.k12.wa.us/assessment/default.aspx.
- Maaari ding mag-atas ang mga distrito ng paaralan ng mga karagdagang pagsusulit. Magtanong sa iyong lokal na distrito para sa higit pang mga detalye.

Mga Petsa ng Pang-estadong Pagsusulit

Nakaiskedyul ang pagkuha ng pagsusulit sa mga petsang nakalista sa ibaba. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na distrito ng paaralan upang malaman kung sa aling mga petsa kukuha ng pagsusulit ang iyong anak.

MGA PETSA NG PANG-ESTADONG PAGSUSULIT	
Okt 17–Abril 7:	WA-AIM
Peb 1–Mar 14 *(hindi pa tiyak)*:	ELPA21
Marso 6–Hunyo 9:	Smarter Balanced
Abril 17–Hunyo 2:	MSP Agham

Ibinibigay ng OSPI ang mga ulat sa marka para sa lahat ng pagsusulit na nakalista sa itaas. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na distrito ng paaralan para sa higit pang impormasyon.

Ano Ang Ibig Sabihin ng Marka sa Pang-estadong Pagsusulit?

Antas **4** **Lumampas sa Pamantayan sa Pagkatuto:** Nagpapamalas ng mahusay na pag-unlad tungo sa kahusayan tungkol sa kaalaman at mga kasanayan sa isang asignatura.

Antas **3** **Naabot ang Pamantayan sa Pagkatuto:** Nagpapamalas ng pag-unlad tungo sa kahusayan tungkol sa mga kaalaman at mga kasanayan sa isang asignatura.

Antas **2** **Halos Naabot ang Pamantayan sa Pagkatuto:** Maaaring kailanganin ng higit pang pagpapahusay upang maipamalas ang kaalaman at mga kasanayan sa isang asignatura.

Antas **1** **Hindi Naabot ang Pamantayan sa Pagkatuto:** Nangangailangan ng malaking paghusay upang maipamalas ang kaalaman at mga kasanayan sa isang asignatura.

Office of Superintendent of Public Instruction
Old Capitol Building
P.O. Box 47200
Olympia, WA 98504-7200

www.YourChildsProgress.com

September 2016, Publication No. 16-0038